Sarojini Naidu

(1879-1949) Isang manunulat, manunula, at isa sa mga pinakatanyag na pinuno ng India bago nakamit nito ang kalayaan. Pangulo ng Batasang Pambansa ng India at unang babaeng gobernador ng malayang India.

- "Diwa ng katarungan ay isa sa mga pinakakahangahangang mithiin ng Islam, dahil sang-ayon sa aking nababasa sa Qur'an natatagpuan ko ang mga dinamikong prinsipyo sa buhay na ito na hindi mistiko kundi kapakipakinabang na tuntunin para sa araw-araw na pangangasiwa sa buhay na naaayon sa buong mundo."

- "Ito ang kaunaunahang relihiyong humikayat at nagpatupad ng demokrasya dahil sa loob ng maskita kapag ang katawagan para sa pagdarasal ay isinawaga at ang mga mananampalaya ay maipon, ang demokrasya ng Islam ay inilalarawan limang beses araw-araw kung saan ang magsasaka at ang hari ay magkakatabing lumuluhod at nagsasabi: "Ang Panginoon lamang ang Dakila." Madalas kumikintal sa aking isipan ang matatag na pagkakaisang ito sa Islam na tumuturing sa tao bilang tunay na kapatid."
  [Mga panayam hinggil sa "Ang mga Mithiin ng Islam"; basahin ang *Speeches and Writings of Sarojini Naidu*, Madras, 1918, pp. 167-9]

* * * * *

Arnold J. Toynbee

(1889-1975) Mananalaysay na Britanyo, Tagapanayam sa Unibersidad ng Oxford.

- "Ang kawalan ng kamalayan sa lahi sa pagitan ng mga Muslim ay isa sa mga kahangahangang tagumpay ng Islam, at sa kasalukuyang mundo nangyayari na may matinding pangangailan para sa pagpapalaganap ng Islamikong birtud na ito."
  [*Civilization on Trial*, New York, 1948, p. 205]

* * * * *

William Montgomery Watt

(1909-) Propesor (Emerito) ng Arabe at Pag-aaral sa Islam sa Unibersidad ng Edinburgh.

- "Ako ay hindi Muslim sa pangkaraniwang pagkakaunawa bagama't pinapangarap kong ako ay isang Muslim bilang "isang taong sumusuko sa Panginoon," subalit naniniwala ako na yaong nilalaman ng Qur'an at iba pang mga kasabihan ng pananaw na Islamiko ay mga malawak na tinggalan ng dakilang katotohanan na kung saan tayong mga taga-kanluran ay maraming matutunan, at ang Islam ay tiyak na malakas na tagahamon para sa pagtustos ng saligang balangkas ng nag-iisang relihiyon sa hinaharap."
  [*Islam and Christianity Today*, London, 1983, p. ix.]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa relihiyon ng Islam, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

v1.0

Yaong mga nakikinig sa pulong at sumusunod sa pinakamabuti nito; sila yaong mga pinatnubayan ng Allah, at yaong mga pinagkalooban ng unawa
(Qur'an 39:18)

Ano ang Sinasabi ng mga Hindi Muslim hinggil sa...

Islam

ANG PINAKAMABILIS NA LUMAGONG RELIHIYON SA MUNDO

Ito ay isang koleksiyon ng maiikling mga sipi mula sa iba't ibang mga tanyag na hindi Muslim, kabilang ang mga akademiko, manunulat, pilosopo, manunula, politiko, at aktibista ng Silangan at Kanluran. Sa aming pagkakaalam, walang sinuman sa kanila ang naging Muslim. Kaya, ang mga katagang ito'y nagpapakita ng kanilang personal na pananaw hinggil sa iba't ibang aspeto ng relihiyong Islam.

Bertrand Russell

(1872-1970) Isang pilosopo, matematiko, at laureadong Nobel na Britanyong kanyang pagbibigay-diin sa makatwirang pagsusuri ay may malawakang impluwensiya sa takbo ng ika-20 siglong pilosopiya.

- "Ang ating paggamit ng pararilang 'Panahon ng Kadiliman' na sumasaklaw sa panahong mula 699 hanggang 1,000 ay nagpapahiwatig ng ating labis na pagbubuhos ng buong isip sa Kanlurang Europa… Mula India hanggang Espanya, ang maluningning na kabihasnang Islam ay yumabong. Sa naturang panahon ang anumang nawala sa sandaigdigang Kristiyanismo ay hindi nawala sa kabihasnan, ngunit ang kabaliktaran… Para sa atin tila ba ang kabihasnang Kanluran-Europa ay kabihasnan; subalit ito ay makitid na pananaw."
  [*History of Western Philosophy*, London, 1948, p. 419]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

Hamilton Alexander Roskeen Gibb

(1895-1971) Isang pangunahing pantas na oryentalista sa kanyang panahon

- "Ngunit ang Islam ay mayroon pang karagdagang maipaglilingkod para sa kapakanan ng sangkatauhan. Samakatuwid ito ay mas malakit kaysa sa Europa sa tunay na Silangan, at ito ay nagtataglay ng isang maringal na tradisyon ng pagkakaunawaan at pakikipagdamayan ng iba't ibang lahi. Walang ibang lipunang may ganoong kasaysayan ng tagumpay sa pag-iisa ng napakarami at magkakaibang lahi ng sangkatauhan sa pagkakapantay ng katayuan, opurtunidad at pagpupunyagi… Ang Islam ay mayroong kakayahang pagkasunduin ang mga tila hindi mapagkasundong elemento ng lahi at tradisyon. Kung ang di pagkakasundo sa pagitan ng mga dakilang lipunang Silangan at Kanluran ay halinhan ng pakikipagdamayan, ang pamamagitan ng Islam ay isang kailangang kondisyon. Sa mga kamay nito malawakang nakasalalay ang kalutasan ng suliranin ng Europa hinggil sa ugnayan nito sa Silangan."
  [*Whither Islam*, London, 1932, p. 379.]

- "Na ang kanyang (Muhammad) mga reporma ay nagpabuti sa pangkalahatang katayuan ng mga kababaihan ay tinatanggap sa buong daigdig."
  [*Mohammedanism*, London, 1953, p. 33]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

James A. Michener

(1907-1997) Pangunahing manunulat na Amerikano; nakatanggap ng pandangal na doktorado sa limang larangan mula sa 30 pangunahing unibersidad at sinabitan ng Medalyang Pangpangulo para sa kalayaan, ang pinakamataas na gantimpalang pangsibilyan sa Amerika.

- "Sa kasaysayan walang ibang relihiyong kasingbilis ng Islam sa paglaganap. . . Ang Kanluran ay malawakang naniniwala na ang silakbong ito ng relihiyon ay nangyari sa pamamagitan ng espada. Subalit walang pangkasalukuyang pantas ang tumatanggap ng kuru-kurong ito, at ang Qur'an ay malinaw sa pagtaguyod nito sa kalayaan ng budhi."
  [*Islam - The Misunderstood Religion*, Readers' Digest (Edisyon sa Amerika) Mayo 1955]

Edward Gibbon

(1737-1794) Itinuring na pinakamagiting na mananalaysay na Britanyo sa kanyang panahon.

- "'Ako'y naniniwala sa Nag-iisang Diyos at si Mohammed ay Kanyang Sugo,' ang simple at di nagbabagong pagpapahayag ng paniniwala sa Islam. Ang pangkaisipang larawan ng Panginoon ay hinding-hindi naibaba sa pamamagitan ng anumang nakikitang anito; ang mga kapurihan ng propeta ay hinding-hindi lumabag sa panukatan ng kabutihang pangtao, at ang kanyang mga panuntunan sa buhay ay pumigil sa pasasalamat ng kanyang mga disipulo sa loob ng saklaw ng kaisipan at relihiyon."
  [*History of the Saracen Empire*, London, 1870, p. 54.]

- "Mas banal kaysa sa tuntunin ni Zoroaster, mas liberal kaysa sa batas ni Moises, ang relihiyon ni Mahomet ay tila mas hindi salungat sa kaisipan kaysa sa kredo ng misteryo at pamahiin na sa ika-7 siglo ay nagdulot ng kahihiyan sa simplidad ang mga ebanghelyo."
  [*The History of the Decline and Fall of the Roman Empire*, tomo 5, p. 487]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

Jared Diamond

Propesor ng Pisyolohiya sa Kolehiya ng Medisina ng UCLA; nakatanggap ng Gantimpalang Pulitzer para sa Pangkalahatang Di-Katha sa taong 1998.

- "Ang Islam sa panahong medyoebal ay maunlad sa larangan ng teknolohiya at bukas para sa pagbabago. Nagtamo ito ng mga antas sa literasi na malayong mataas kaysa sa kasalukuyang Europa; nilagom nito ang legado ng klasikal na kabihasnang Griyego sa hangganang maraming mga klasikal na aklat na ating batid ngayon sa pamamagitan lamang ng mga kopyang Arabe. Lumikha ito ng mga mulino, trigonometriya, triyanggulong layag, at nagkamit ng mga mahalagang pag-unlad sa metalurhiya, pangmakina at kimikong pamamatnugot at sa mga paraan sa patubig. Noong mga kalagitnaang panahon ang daloy ng teknolohiya ay malawakang mula Islam patungong Europa kaysa sa mula Europa patungong Islam. Pagkalipas lamang ng siglong 1500 nang ang kabuuang daloy ay naging pasaliwa."
  [*Guns, Germs, and Steel - The Fates of Human Societies*, 1997, p. 253]

✶ ✶ ✶ ✶ ✶

Annie Besant

(1847-1933) Teosopista at pinunong nasyonalistang Britanyo sa India. Pangulo ng Batasang Pambansa ng India sa taong 1917.

- "Madalas kong naiisip na ang babae ay mas malaya sa Islam kaysa sa Kristiyanismo. Ang babae ay mas kinakalinga ng Islam kaysa ng pananampalatayang humihikayat ng Monogamiya. Sa Qur'an ang batas hinggil sa kababaihan ay mas makatwiran at liberal. Sa nakalipas na dalawampung taon lamang na ang Kristiyanang Inglatera ay kumilala sa karapatan ng kababaihan sa pag-aari samantalang tinanggap ng Islam ang karapatang ito mula sa simula."
  [*The Life and Teachings of Muhammad*, Madras, 1932, pp. 25-26]